**Rob Bonta, Pangunahing Abogado**

| Kagawaran ng Hustisya ng California<br>DIBISYON NG NAGPAPATUPAD NG BATAS<br>John D. Marsh, Hepe | | **BULLETIN NG IMPORMASYON** |
|---|---|---|
| *Paksa:*<br>**Mga Batas sa California na Nagbabawal sa mga Krimen ng Pagkapoot (Hate Crime) at/o Pagpapataw ng Karagdagang Parusa para sa mga Partikular na Gawaing Nauugnay sa Diskriminasyon** | *No.*<br>2023-DLE-04<br>*Petsa:*<br>06/26/2023 | *Kontakin para sa impormasyon:*<br>John D. Marsh, Hepe<br>Dibisyon ng Nagpapatupad ng Batas<br>(916) 210-6300 |

**PARA SA: LAHAT NG ABOGADO NG DISTRITO, HEPE NG PULISYA, SHERIFF, AT AHENSYANG NAGPAPATUPAD NG BATAS SA ESTADO**

Idinesenyo ang bulletin na ito upang tiyaking mayroong kinakailangang impormasyon at kagamitan ang mga opisyal na nagpapatupad ng batas sa estado at lokal upang magpatuloy na tumugon nang nararapat at mabilis ang mga ito sa aktibidad ng hate crime. Nakakasama ang naturang mga pangyayari sa mga residente at komunidad kung saan inatasan tayong maglingkod, lalo na kung mayroong banta ng karahasan ang mga ito.

Seryosong krimen ang mga hate crime na maaaring humantong sa pagkakakulong ng mga may sala. Ibinibigay ng Kagawaran ng Hustisya ng California (Department of Justice, DOJ) ang updated na buod na ito sa mga lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas tungkol sa maraming kriminal na batas ng California na nagbabawal sa mga hate crime at/o nagpapataw ng karagdagang parusa para sa mga partikular na gawaing nauugnay sa diskriminasyon. Maikling ibinubuod din ng bulletin na ito ang Ralph Civil Rights Act at Tom Bane Civil Rights Act, na nagbibigay ng mga sibil na lunas para sa partikular na aktibidad ng hate crime sa California. Karagdagan pa, nagbibigay din ang bulletin na ito ng pangkalahatang-ideya ng mga hinihingi ng batas para sa mga patakaran ng ahensya sa hate crime at pinakamabubuting kasanayan para sa mga imbestigasyon ng hate crime. Panghuli, tinutukoy ng bulletin na ito ang mga eksperto sa pagpapatupad ng mga karapatang sibil at imbestigasyon at prosekusyon ng hate crime sa Kagawaran ng Hustisya ng California na available na magbigay ng teknikal na tulong sa inyong pagsisikap na ipatupad ang mga batas na ito sa inyong hurisdiksyon.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa istadistika at kalagayan ng Hate Crime sa California, bisitahin ang OpenJustice website ng Pangunahing Abogado ng California sa https://openjustice.doj.ca.gov/data.

Salamat sa iyong pagsisikap na iulat sa DOJ ang mga hate crime sa inyong hurisdiksyon, at sa lahat ng inyong ginagawa upang protektahan ang pampublikong kaligtasan.

**Mga Seksyon ng Kodigo Pinal ng California sa mga Hate Crime**

Kinikilala ng batas ng California na may mga partikular na krimen na itinuturing na mas seryoso dahil ang biktima ay pinili dahil sa kanilang aktuwal o inaakalang kapansanan, kasarian, kabilang ang kinikilalang kasarian at pagpapahayag ng kasarian, nasyonalidad, lahi o etniko, relihiyon, sekswal na oryentasyon, o kaugnayan sa isang tao o grupo na may isa o higit pa sa mga aktuwal o inaakalang katangian na ito.

Tinutukoy ang mga pagkakasalang ito bilang mga hate crime, at maaaring magsilbing **krimen** sa ilalim ng seksyon 422.6 ng Kodigo Pinal ng California, bilang **dahilan na magpapalubha sa kalagayan (aggravating factor)** sa ilalim ng seksyon 422.7, o bilang **karagdagan (enhancement)** sa ilalim ng seksyon 422.75.

**§ 422.55 Kahulugan ng Hate Crime** – Naglalarawan "hate crime" bilang isang kriminal na gawain na isinagawa, sa kabuuan o sa bahagi, dahil sa isa o higit pang aktuwal o inaakalang katangian ng biktima: kapansanan, kasarian, nasyonalidad, lahi o etnesidad, relihiyon, sekswal na oryentasyon; o dahil sa kaugnayan nito sa isang tao o grupo na may isa o higit pang aktuwal o inaakalang katangian na ito.

**§ 422.56 Mga Termino ng Nauugnay na Hate Crime** – Nagtatakda ng mga kahulugan na nauugnay sa batas, kasama dito na tinutukoy ang "kasarian" bilang "kinikilalang kasarian at pagpapahayag ng kasarian;" tinutukoy ang "nasyonalidad" bilang "pinagmulang bansa, katayuan ng imigrasyon, kabilang ang pagkamamamayan, at pambansang lahi;" at tinutukoy ang "sa kabuuan o sa bahagi" na dapat diskriminasyon ang sanhi ng pagkakasala, mayroon mang ibang dahilan o wala. Kapag mayroon pang maraming ibang kasabay na motibo, kailangang malaking sanhi ang ipinagbabawal na diskriminasyon upang maipalabas ang partikular na resulta. Hindi kinakailangan na maging pangunahing sanhi ang diskriminasyon, o na maaaring hindi maisagawa ang krimen kung hindi dahil sa aktuwal o inaakalang katangian.

**§ 422.6 Mga Banta at Paninira upang Hadlangan ang mga Sibil na Karapatan** – Isang **krimen** ang sinasadyang pananakit, pananakot, paghadlang, pang-aapi, o pagbabanta, sa pamamagitan ng dahas o bantang paggamit ng dahas, sa malayang pagsasagawa o pagtamasa ng ibang tao sa kanilang mga sibil na karapatan (§ 422.6, subds. (a), (c)), o kusang paninira, pamiminsala, o pagwasak sa kanilang ari-arian (§ 422.6, subd. (b)), dahil sa (mga) protektadong aktuwal o inaakalang katangian ng naturang tao.

Upang patunayan na hinahadlangan ang mga sibil na karapatan ng ibang tao *sa pamamagitan ng dahas* (§ 422.6, subd. (a)), dapat mapatunayan ng tagausig ang mga sumusunod na **<u>salik</u>**:

1. *Sa pamamagitan ng dahas*, sinaktan, tinakot, hinadlangan, inapi, o binantaan ng nasasakdal ang ibang tao sa malayang pagsasagawa o pagtamasa ng anumang legal na protektadong karapatan o pribilehiyo.

2. Ginawa ito ng nasasakdal sa kabuuan o sa bahagi dahil sa (mga) protektadong aktuwal o inaakalang katangian ng ibang tao, o dahil nauugnay ang ibang tao sa isang tao o grupo na mayroong isa o higit pa ng mga katangiang ito.

3. Ginawa ito ng nasasakdal na may partikular na layuning alisin sa ibang tao ang malayang pagsasagawa o pagtamasa ng legal na protektadong karapatan o pribilehiyo.

Upang patunayan na hinahadlangan ang mga sibil na karapatan ng ibang tao *sa pamamagitan ng bantang paggamit ng dahas* (§ 422.6, subds. (a), (c)), dapat mapatunayan ng tagausig ang mga sumusunod na **<u>salik</u>**:

1. *Sa pamamagitan ng bantang paggamit ng dahas*, sinaktan, tinakot, hinadlangan, inapi, o binantaan ng nasasakdal ang ibang tao sa malayang pagsasagawa o pagtamasa ng anumang legal na protektadong karapatan o pribilehiyo.

2. Ang bantang paggamit ng dahas, kung pasalita lang, ay nagbabanta ng karahasan laban sa isang partikular na tao o grupo.

3. Mayroong kakayahan ang nasasakdal na isagawa ang banta (ang banta ay kailangang makatuwiran na magdudulot ng takot sa sinasabing biktima).

4. Ginawa ito ng nasasakdal sa kabuuan o sa bahagi dahil sa (mga) protektadong aktuwal o inaakalang katangian ng ibang tao, o dahil nauugnay ang ibang tao sa isang tao o grupo na mayroong isa o higit pa ng mga katangiang ito.

5. Ginawa ito ng nasasakdal na may partikular na layuning alisin sa ibang tao ang malayang pagsasagawa o pagtamasa ng legal na protektadong karapatan o pribilehiyo.

Upang patunayan na hinahadlangan ang mga sibil na karapatan ng ibang tao *sa pamamagitan ng paninira, pamiminsala, o pagwasak sa kanilang ari-arian* (§ 422.6, subd (b)), dapat mapatunayan ng tagausig ang mga sumusunod na **salik**:

1. Kusang sinira, pininsala, o winasak ng nasasakdal ang real property o personal na ari-arian ng ibang tao.

2. Ginawa ito ng nasasakdal sa kabuuan o sa bahagi dahil sa (mga) protektadong aktuwal o inaakalang katangian ng ibang tao, o dahil nauugnay ang ibang tao sa isang tao o grupo na mayroong isa o higit pa ng mga katangiang ito.

3. Ginawa ito ng nasasakdal na may partikular na layuning takutin o hadlangan ang malayang pagsasagawa o pagtamasa ng ibang tao ng legal na protektadong karapatan o pribilehiyo.

Ang hatol sa ilalim ng seksyon 422.6 ay isang m**asamang asal (misdemeanor)** na maaaring parusahan ng hanggang isang taon sa kulungan ng county at/o hanggang $5,000 na multa, at hanggang 400 oras ng serbisyo sa komunidad. (Kodigo Pinal, § 422.6, subd. (c).)

**§§ 422.7** at **422.75 Mga Paratang na Nagtataas sa mga Misdemeanor sa pagiging Wobbler** – Nagtatakda na kapag gumawa ng krimen ang isang tao at sanhi ito ng katotohonang ang biktima ay may isa o higit pang protektadong katangian sa seksyon 422.55, ituturing na “hate crime” ang naturang kriminal na pagkakasala.

**§ 422.7 (karagdagang parusa)** – Kapag ang nasasakdal ay nahatulan ng misdemeanor na sanhi ng diskriminasyon, maaaring gamitin ito ng prosekusyon bilang dahilan na magpapalubha sa kalagayan at maaaring dagdagan ang kaparusahang ipinataw para sa mga misdemeanor. Ipapataw ang karagdagang parusa sa accusatory pleading, at maaring hindi gamitin sa kaso ng isang taong pinaparusahan sa ilalim ng seksyon 422.6 ng Kodigo Pinal. (Felony wobbler: 16 na buwan, o dalawa o tatlong taon sa kulungan ng county at/o multa na hanggang sa $10,000; o isang taong pagkakakulong.)

Dapat mapatunayan ng tagausig ang mga sumusunod na **salik**:

1. Isinagawa ng nasasakdal ang pinagbabatayang krimen na may intensyong hadlangan ang legal na protektadong karapatan o pribilehiyo ng ibang tao.

2. Ginawa ito ng nasasakdal sa kabuuan o sa bahagi dahil sa (mga) protektadong aktuwal o inaakalang katangian ng ibang tao.

3. Ang nasasakdal ay:
   i. nagdulot ng pisikal na pinsala o sa pagkakataong iyon ay may kakayahang magdulot ng marahas na pinsala; O
   ii. nagdulot ng pagkasira sa ari-arian nang higit sa $950; O
   iii. *dati* nang nahatulan sa ilalim ng seksyon 422.6, subdivision (a) o (b); O
   iv. *dati* nang nahatulan ng sabwatan upang magsagawa ng isang krimen na inilarawan sa seksyon 422.6, subdivision (a) o (b).

**§ 422.75 (karagdagang felony)** – Nagtatakda ng karagdagang sentensiya para sa anumang felony kung mapatunayan ng tagausig na isinagawa ito bilang hate crime.

Dapat mapatunayan ng tagausig ang sumusunod na **salik**:

1. Isinagawa ng nasasakdal ang pinagbabatayang krimen sa kabuuan o sa bahagi dahil sa (mga) protektadong aktuwal o inaakalang katangian ng sinasabing biktima, o dahil sa pagkakaugnay sa isang tao o grupo na mayroong isa o higit pa ng mga aktuwal o inaakalang katangiang ito.

Ang isang karagdagang kaparusahan sa felony hate crime ay maaaring magdagdag ng isa, dalawa, o tatlong taong pagkakakulong sa kulungan ng estado bilang karagdagan sa anumang iba pang sentensiya na matatanggap ng nasasakdal para sa pinagbabatayang felony. (§ 422.75, subd. (a).) Kung napatunayang nagsagawa ng felony hate crime kasama ang ibang tao, madaragdagan ang sentensiya para sa felony hate crime ng dalawa, tatlo, o apat na taong pagkakakulong. (§ 422.75, subd. (b).) Kung napatunayang nagsagawa ng felony hate crime habang gumagamit ng baril, maaaring pahabain ng hukuman ang sentensiya ayon sa pagpapasya nito. (§ 422.75, subd. (c).) Ang mga dati nang napatanunayang felony hate crime ay maaaring magdagdag ng isa pang taong pagkakakulong sa kulungan ng estado para sa bawat dating hatol. (§ 422.75, subd. (d).)

**Mga Karagdagang Hate Crime at Kaparusahan na Sinasaklaw ng mga Hate Crime**

Bilang karagdagan sa mga seksyon 422.7 at 422.75, ipinagbabawal o nagbibigay ng karagdagang kaparusahan ang iba pang batas na nauugnay sa hate crime para sa mga gawaing nauugnay sa diskriminasyon.

**§ 190.2, subd. (a)(16) Mga Espesyal na Kalagayan** – Nagtatakda ng parusang kamatayan o habambuhay na sentensiya ng pagkakakulong na walang posibilidad ng paglaya para sa mga first-degree na pagpatay na sanhi ng lahi, kulay, relihiyon, nasyonalidad, o bansang pinagmulan ng biktima. Dapat mapatunayan ng tagausig na intensyon ng nasasakdal na pumatay dahil sa (mga) protektadong tunay o inaakalang katangian ng namatay.

**§ 190.03, subds. (a), (c) Mga Nauugnay na Salik sa Pagtukoy ng Parusa** – Nagtatakda ng habambuhay na pagkakakulong na walang posibilidad ng paglaya para sa first-degree na pagpatay na sanhi ng (mga) protektadong aktuwal o inaakalang katangian ng biktima. Dapat mapatunayan ng tagausig na pumatay ang nasasakdal, sa kabuuan o sa bahagi, dahil sa (mga) protektadong aktuwal o inaakalang katangian ng namatay.

**§ 302 Panggugulo sa mga Relihiyosong Pagpupulong** – Nagpapatunay na isang misdemeanor na sadyaing gambalain ang isang grupo ng mga taong nagpupulong para sa sumamba, naganap man ang naturang panggugulo sa loob ng lugar kung saan isinasagawa ang pagpupulong, o malapit dito na nagambala ang kaayusan at seremonya ng pagpupulong. (Parusa: hanggang sa isang taon sa kulungan ng county at/o hanggang sa $1,000 multa.)

**§ 594.3, subd. (b) Paninira sa Lugar ng Pagsamba** – Nagtatakda na isang felony ang kusang paninira sa isang lugar ng pagsamba o sementeryo bilang isang hate crime. (Parusa: 16 na buwan, o dalawa o tatlong taon sa kulungan ng county.)

**§ 1170.8** – **Dahilan na Magpapalubha ng Kalagayan sa Lugar ng Pagsamba** – Nagtatakda bilang dahilan na magpapalubha ang katotohanan na ang pagnanakaw, panununog, o pag-atake gamit ang nakakamatay na sandata o sa pamamagitan ng anumang dahas na maaaring maging sanhi ng malubhang pinsala sa katawan ay isinagawa sa isang lugar ng pagsamba, o laban sa isang tao habang nasa loob ng lugar ng pagsamba taong iyon.

**§ 1170.85, subd. (b) Dahilan na Magpapalubha ng Kalagayan ng Partikular na Mahinang Biktima** – Nagtatakda na ang edad o kapansanan ng isang biktima ay maaaring isaalang-alang bilang mga sitwasyong nasa kalubhaan kung ang mga tinutukoy na naturang mga katangian ay ginagawang partikular na mahina ang biktima o hindi maipaglaban ang kaniyang sarili.

**§ 11411, subds. (b), (c) Pananakot sa Pribadong Ari-arian, Ari-arian ng Paaralan, o Pampublikong Lugar** – Itinatakda ng subdivision (b) na isang felony o misdemeanor ang pagsasabit ng silo, sa kaalamang isa itong simbolo na kumakatawan sa banta sa buhay, sa pribadong ari-arian ng ibang tao, nang walang pahintulot, para takutin ang may-ari o naninirahan sa naturang pribadong ari-arian o nang may pagwawalang-bahala sa panganib na matakot ang mga ito, o ng pagsasabit ng silo, sa kaalamang isa itong simbolo na kumakatawan sa banta sa buhay, sa ari-arian ng isang paaralan, kampus ng kolehiyo, pampublikong lugar, lugar ng pagsamba, sementeryo, o lugar ng trabaho, para takutin ang sinumang tao na pumapasok o nagtatrabaho, o kundi naman ay nauugnay sa paaralan, kampus ng kolehiyo, pampublikong lugar, lugar ng pagsamba, sementeryo, o lugar ng trabaho. Itinatakda ng subdivision (c) na isang felony o misdemeanor ang paglalagay o pagdi-display ng isang karatula, marka, simbolo, emblema, o iba pang pisikal na impresyon, kabilang ang, pero hindi limitado sa, Nazi swastika, sa pribadong ari-arian ng isang tao, nang walang pahintulot, para takutin ang may-ari o naninirahan sa naturang pribadong ari-arian o nang may pagwawalang-bahala sa panganib na matakot ang mga ito, o paglalagay o pagdi-display ng isang karatula, marka, simbolo, emblema, o iba pang pisikal na impresyon, kabilang ang, pero hindi limitado sa, Nazi swastika, sa ari-arian ng isang paaralan, kampus ng kolehiyo, pampublikong lugar, lugar ng pagsamba, sementeryo, o lugar ng trabaho, para takutin ang sinumang tao na pumapasok o nagtatrabaho, o kundi naman ay nauugnay sa paaralan, kampus ng kolehiyo, pampublikong lugar, lugar ng pagsamba, sementeryo, o lugar ng trabaho. (Felony wobbler: 16 na buwan, o dalawa o tatlong taon sa kulungan ng county, at/o multa na hanggang sa $10,000, o hanggang sa isang taon na pagkakakulong at/o multa na hanggang sa $5,000, na may pagtaas ng multa para sa mga sumusunod na hatol.)

Dapat mapatunayan ng tagausig ang mga sumusunod na **salik**:

1. Naglagay o nag-display ang nasasakdal ng karatula, marka, simbolo, emblema, o pisikal na impresyon sa pribadong ari-arian ng isang tao, o sa ari-arian ng isang paaralan, kampus ng kolehiyo, pampublikong lugar, lugar ng pagsamba, sementeryo, o lugar ng trabaho.

2. Walang pahintulot ang nasasakdal na ilagay o i-display ang naturang karatula, marka, simbolo, emblema, o pisikal na impresyon sa ari-arian.

3. Intensyon ng nasasakdal na takutin ang may-ari o naninirahan sa ari-arian (o nnga may pagwawalang-bahala sa panganib na matakot ang may-ari o naninirahan sa ari-arian) o may intensyong takutin ang tao na pumapasok, nagtatrabaho, o nauugnay sa paaralan, kampus ng kolehiyo, pampublikong lugar, lugar ng pagsamba, sementeryo, o lugar ng trabaho.

**§ 11411, subd. (d) Paglapastangan sa isang Relihiyosong Simbolo** – Nagtatakda na magkakasala ng felony o misdemeanor ang sinumang susunog o lalapastangan sa krus o iba pang relihiyosong simbolo, na may kaalamang isa itong relihiyosong simbolo, sa pribadong ari-arian ng ibang tao nang walang pahintulot para takutin ang may-ari o naninirahan o nang may pagwawalang-bahala na matakot ang mga ito, o sinumang susunog, lalapastangan o sisira ng krus o iba pang relihiyosong simbolo, na may kaalamang isa itong relihiyosong simbolo, sa ari-arian ng isang paaralan, kampus ng kolehiyo, pampublikong lugar, lugar ng pagsamba, sementeryo, o lugar ng trabaho, para takutin ang sinumang tao na pumapasok o nagtatrabaho, o kundi naman ay nauugnay sa paaralan, kampus ng kolehiyo, pampublikong lugar, lugar ng pagsamba, sementeryo, o lugar ng trabaho. (Felony wobbler: 16 na buwan, o dalawa o tatlong taon sa kulungan ng county, at/o hanggang sa $10,000 na multa; o isang taon na pagkakakulong at/o hanggang sa $5,000 multa, kasama ang pagtaas ng mga multa para sa mga sumusunod na hatol.)

Dapat mapatunayan ng tagausig ang mga sumusunod na **salik**:

1. Sinunog o nilapastangan ng nasasakdal ang isang relihiyosong simbolo sa pribadong ari-arian ng isang tao; O sa ari-arian ng isang paaralan, kampus ng kolehiyo, pampublikong lugar, lugar ng pagsamba, sementeryo, o lugar ng trabaho.

2. Alam ng nasasakdal na isang relihiyosong simbolo ang bagay na sinunog o nilapastangan nito.

3. Walang pahintulot ang nasasakdal na sunugin o lapastanganin ang relihiyosong simbolo sa ari-arian.

4. Intensyon ng nasasakdal (o kumilos nang may pagwawalang-bahala) na takutin ang may-ari o naninirahan sa ari-arian; O intensyon nitong takutin ang tao na pumapasok, nagtatrabaho, o nauugnay sa paaralan, kampus ng kolehiyo, pampublikong lugar, lugar ng pagsamba, sementeryo, o lugar ng trabaho.

**§ 11412 Terorismo ng Relihiyon** – Nagtatakda na isang felony ang pagtatangkang pigilin ang mga relihiyosong aktibidad sa pamamagitan ng mga banta ng karahasan. (Parusa: 16 na buwan, o dalawa o tatlong taon sa kulungan ng estado.)

Dapat mapatunayan ng tagausig ang mga sumusunod na **salik**:

1. Nagdulot o tinangka ng nasasakdal na patigilin ang isang tao mula sa pagsasanay ng relihiyon nito (O patigilin sa pakikilahok sa isang relihiyosong serbisyo) sa pamamagitan ng pagbabanta ng pinsala sa sinumang tao o ari-arian.

2. Direktang sinabi ng nasasakdal ang banta sa naturang tao.

3. Makatuwirang naniwala ang tao na isasagawa ang banta.

4. Sa panahong ginawa ng nasasakdal ang banta, may intensyon ang nasasakdal na maging sanhi ng pagtigil ng tao sa pagsasagawa ng kaniyang relihiyon (O itigil ang pakikilahok sa isang relihiyosong serbisyo).

**§ 11413, subds. (a), (b)(2), (b)(9) Terorismo ng Relihiyon gamit ang Mapanirang Kagamitan** – Nagtatakda na isang felony ang pagpapasabog, pagpapasiklab, o pagsubok na pasabugin o pasiklabin ang anumang mapanirang kagamitan o anumang pampasabog sa loob o malapit sa, o sunugin, ang isang lugar ng pagsamba o anumang pribadong ari-arian kung pinuntirya ang naturang ari-arian dahil sa (mga) protektadong katangian ng may-ari o naninirahan at ang layunin ay para takutin ang iba o nang may pagwawalang-bahala na matakot ang iba. (Parusa: tatlo, lima, o pitong taon sa kulungan ng county, at multa na hanggang sa $10,000.)

Dapat mapatunayan ng tagausig ang mga sumusunod na **salik**:

1. Pinasabog o pinasiklab ng nasasakdal (o pinagtangkaang pasabugin o pasiklabin) ang mapanirang kagamitan o pampasabog, o nanunog, sa loob ng o na malapit sa lugar ng pagsamba o pribadong ari-arian.

2. Ginawa ito ng nasasakdal sa layuning takutin o nang may pagwawalang-bahala na matakot ang iba.

**Iba't Ibang Probisyon ng Kodigo Pinal may Kaugnayan sa mga Hate Crime**

**§ 136.2 Mga Kautusang Pamproteksiyon** – Nagtatakda ng proteksyon laban sa higit pang pinsala. Kapag inihain ang mga kriminal na paratang sa ilalim ng anumang kriminal na batas, may karapatan ang mga biktima ng hate crime sa isang utos ng hukuman na nagbabawal sa anumang karagdagang pangha-harass habang nakabinbin ang kriminal na paglilitis.

**§ 422.87 Patakaran ng Ahensyang Nagpapatupad ng Batas sa mga Hate Crime** – Nag-aatas sa anumang lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas na nag-a-update ng kasalukuyang patakaran sa hate crime, o nagpapatupad ng bagong patakaran sa hate crime, na isali, kasama ng iba pang bagay, ang nilalaman ng

modelong balangkas ng patakaran na binuo ng Commission on Peace Officer Standards and Training (POST), ang impormasyon tungkol sa sanhi ng diskriminasyon, isang kinakailangan na dapat pamilyar ang lahat opisyal at ipatupad ang patakaran sa hate crime, at impormasyon tungkol sa pangkalahatang hindi pag-uulat ng mga hate crime, kasama din ang solusyon para sa hindi pag-uulat na ito.

**§ 13519.6 Gabay sa Patakaran sa mga Hate Crime ng POST** – Nag-aatas sa POST na bumuo ng mga gabay at pagsasanay, na may pagkonsulta sa mga eksperto sa paksa, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga ahensyang nagpapatupad ng batas, mga grupo ng sibil na karapatan, akademikong eksperto, at ang Kagawaran ng Hustisya ng California, na tumutugon sa mga hate crime. Dapat kasama sa mga gabay ang modelong balangkas ng patakaran na dapat ipatupad ng lahat ng ahensyang nagpapatupad ng batas at dapat hikayatin ng komisyon ang lahat ng ahensyang nagpapatupad ng batas na ipatupad ito. Nag-aatas sa bawat opisyal ng kapayapaan na kumpletuhin ang pagsasanay sa loob ng isang taon matapos itong maging available, at pagkatapos ay dapat isagawa ng mga naglilingkod na opisyal ng kapayapaan tuwing anim na taon.

**§ 422.92 Brochure ng Ahensiyang Nagpapatupad ng Batas sa Hate Crimes** – Nag-aatas sa bawat estado at lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas na gawing available ang brochure tungkol sa mga hate crime para sa mga biktima ng mga krimeng ito at sa publiko. Bilang pagsunod sa kinakailangang ito, maaaring gamitin ng mga ahensyang nagpapatupad ng batas ang standardized na brochure ng Kagawaran ng Hustisya ng California, na available sa https://oag.ca.gov/hatecrimes sa labing-apat na wika, at nagbibigay-daan sa mga ahensya na maglagay ng sariling selyo o graphic.

**§ 422.94 Vertical Prosecution Pilot Grant Program sa Hate Crimes** – Nag-aatas sa Kagawaran ng Hustisya ng California na magbigay ng mga grant sa mga ahensyang tagausig para sa layunin ng paggawa, pagsuporta, o pagpapalawak ng mga yunit ng patayong pag-uusig para sa prosekusyon ng mga hate crime, nangangahulungan na magkakaroon ng parehong indibiduwal na tagausig na itatalaga sa isang kaso mula sa paunang kriminal na imbestigasyon hanggang sa pagsesentensiya sa nagkasala. Dapat na pangunahing nakatuon ang mga yunit na ito sa mas mahusay na paglilingkod sa mga biktima ng hate crime at pagkamit ng mga makatarungan, pantay, at naaangkop na resolusyon sa mga kaso ng hate crime.

**§ 1547, subds. (a)(12) & (13) Posibleng Gantimpala para sa Impormasyon sa Hate Crime** – Nagpapahintulot sa Gobernador na mag-alok ng gantimpala para sa impormasyon na hahantong sa pagkakaaresto at paghatol sa sinumang nakagawa ng ilang partikular na hate crime.

**§ 3053.4 Mga Kondisyon ng Parol** – Nag-aatas na dapat umiwas ang nasasakdal sa higit pang karahasan, pagbabanta, pangmamanman, o pangha-harass sa biktima o pamilya ng biktima bilang kondisyon ng parol kasunod ng hatol sa hate crime. Maaari ding ipataw ang mga kundisyon na “lumayo” (karagdagang kinakailangan na panatilihin mo ang partikular na pisikal na distansya mula sa biktima).

**§ 11410 Hindi Protektadong Aktibidad sa Ilalim ng Konstitusyon ng California** – Nagsasaad na hindi protektado ng Konstitusyon ng California ang paghihimok ng karahasan kung saan maaaring magresulta ng kamatayan o malaking pinsala sa katawan ang naturang gawain; sa seksyong ito nakita at ipinapahayag ng Lehislatura na karapatan ng bawat tao na maging ligtas at protektado laban sa pananakot, at pisikal na pinsala na sanhi ng mga aktibidad ng mga bayolenteng grupo o indibidwal, anuman ang aktuwal o inaakalang lahi o etnisidad, relihiyon, kasarian, kinikilalang kasarian, pagpapahayag kasarian, nasyonalidad,

kapansanan, sekswal na oryentasyon, o kaugnayan sa isang tao o grupo na mayroon ng mga aktuwal o inaakalang katangian na ito.

**§ 13023 Pag-uulat sa Pangunahing Abogado** – Depende sa pondo, nag-aatas sa Pangunahing Abogado na utusan ang mga lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas na mag-ulat sa Kagawaran ng Hustisya ng California ng impormasyon may kaugnayan sa mga hate crime, at dapat buwanang i-post ng mga lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas ang impormasyong kanilang iniuulat sa Kagawaran ng Hustisya ng California sa kanilang mga website.

**§ 13519.41 Pagsasanay sa mga Hate Crime ng POST** – Nag-aatas sa POST na bumuo at magpatupad ng kurso ng pagsasanay para sa mga opisyal at dispatser na nagpapatupad ng batas tungkol sa mga grupong minorya ng sekswal na oryentasyon at kinikilalang kasarian sa estado.

## California Ralph Civil Rights Act at Tom Bane Civil Rights Act

Itinatakda ng Ralph Civil Rights Act, Kodigo Sibil seksyon 51.7, na karapatan ng bawat tao sa California na maging malayo mula sa karahasan o banta ng karahasan laban sa kanilang tao o ari-arian dahil sa kanilang aktuwal o inaakalang kasarian, lahi, kulay, ninuno, bansang pinagmulan, relihiyon, kapansanan, medikal na kalagayan, genetic na impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, sekswal na oryentasyon, pagkamamamayan, pangunahing wika, katayuan sa imigrasyon, politikal na kaugnayan, o paninindigan sa mga hindi pagkakaintindihan sa trabaho. Mga halimbawa lamang ang mga nakalistang katangiang ito, at umiiral ang iba pang batayan para sa claim sa diskriminasyon sa ilalim ng Batas. Itinatakda ng Tom Bane Civil Rights Act, Kodigo Sibil seksyon 52.1, ang proteksyon laban sa panghahadlang o tangkang panghahadlang sa pamamagitan ng pagbabanta, pananakot, o pamimilit sa paggamit o pagtamasa ng isang tao sa anumang karapatan sa konstitusyon o batas. Kasama sa mga solusyon para sa mga paglabag sa Ralph Civil Rights Act o Tom Bane Civil Rights Act ang mga restraining order, injunctive relief, pantay na kaluwagan upang matiyak ang mga karapatan sa konstitusyon at sa batas, aktuwal na pinsala, multa o parusa sa pinsala, isang sibil na parusa na $25,000, at mga bayad sa abogado. Maaaring maghain ng aksyon sa pamamagitan ng Pangunahing Abogado, o ng sinumang abogado ng distrito o ng lungsod, o ng indibidwal na nasaktan.

## Mga Hinihingi ng Batas para sa mga Patakaran ng Kagawaran ng mga Hate Crime at Pinakamabubuting Kasanayan sa Pag-iimbestiga

Ayon sa tinalakay sa itaas, alinsunod sa mga seksyon 13519.6 at 422.87 ng Kodigo Pinal, dapat ipatupad ng lahat ng ahensyang nagpapatupad ng batas ng estado ang patakaran sa mga hate crime, at lahat ng lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas na pumiling ipatupad o i-update ang isang patakaran sa mga hate crime ay dapat magsama ng ilang partikular na mga salik ng batas.[1] Hinihingi ng mga batas sa POST na gumawa ng modelong patakaran kasama ang mga kinakailangang salik ng batas.[2]

---

1 Ang “Khalid Jabara and Heather Heyer National Opposition to Hate, Assault, and Threats to Equality Act of 2021” (bahagi ng mas malaking “COVID-19 Hate Crimes Act,” Senate Bill 937, at kilala bilang “Jabara-Heyer NO HATE Act”) ay nag-aatas sa U.S. Na gumawa ang Pangunahing Abogado ng mga grant para sa estado at lokal na mga ahensya upang pondohan ang paggawa ng mga patakaran sa hate crime, ang pagbuo ng standardized na sistema ng pagkolekta, pagsusuri, at pag-uulat ng insidente ng mga hate crime, ang pagtatag ng yunit na eksperto sa pagtukoy, pag-iimbestiga, at pag-uulat ng mga hate crime, mga pagsasanay para sa mga tauhan ng ahensya, at ang pakikilahok sa mga tungkulin sa pakikipag-ugnayan sa komunidad kaugnay sa edukasyon at pag-iwas sa krimen. 34 U.S.C. § 30507(f)(2).

2 Nagbibigay ng pangkalahatang-ideya ang POST Hate Crimes Model Policy sa mga layunin ng patakaran, buong modelong patakaran, at mga sample na form. Makikita ito sa https://post.ca.gov/Portals/0/post_docs/publications/Hate_Crimes.pdf.

**Mga Hinihingi ng Batas**

Kdigo Pinal § 13519.6

Itinatakda ng seksyon 13519.6 ng Kodigo Pinal ang mga kinakailangang salik para sa patakaran sa mga hate crime para sa mga ahensyang nagpapatupad ng batas ng estado at hinihikayat ang mga lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas na ipatupad ang mga naturang patakaran. Kabilang, ngunit hindi ito limitado sa, mga sumusunod na pangkalahatang salik: (1) isang mensahe mula sa punong ehekutibong opisyal ng ahensyang nagpapatupad ng batas tungkol sa kahalagahan ng mga batas sa hate crime at ang dedikasyon ng ahensya sa pagpapatupad; (2) ang kahulugan ng "hate crime" sa seksyon 422.55; at (3) mga sanggunian ng mga batas sa hate crime kasama ang seksyon 422.6.

Itinatakda din ng batas ang isang titulo-sa-titulo na partikular na protokol na kailangang sundin ng mga tauhan ng ahensya. Kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod na partikular na salik: (A) pag-iwas at paghahanda para sa mga posibleng hate crime sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga tao at komunidad na posibleng puntirya, at pagbuo at pakikipagtulungan sa mga network ng pag-iwas at pagtugon sa hate crime ng komunidad; (B) pagtugon sa mga ulat ng hate crime; (C) pag-access ng tulong, kabilang ang pag-activate ng protokol sa mabilisang pagtugon sa hate crime ng Kagawaran ng Hustisya kung kinakailangan;[3] (D) pagbibigay ng tulong at pag-follow up sa biktima, kabilang ang pag-follow up sa komunidad; at (E) pag-uulat.

Kodigo Pinal § 422.87

Pinapalawak ng seksyon 422.87 ng Kodigo Pinal ang mga kinakailangan ng seksyon 13519.6. Inaatasan nito ang anumang lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas na nag-a-update ng umiiral nang patakaran sa mga hate crime o nagpapatupad ng bagong patakaran sa mga hate crime na magsama ng ilang partikular na salik. Ilan sa mga ito ay duplicate ng mga kinakailangan sa itaas, pero may kasamang mas partikular na mga kinakailangan.

Dapat kasama sa bago o na-update na patakaran ng ahensya ang mga partikular na kahulugan at impormasyon, kabilang ang mga kahulugan sa mga seksyon 422.55 at 422.56 at ang nilalaman ng balangkas ng modelong patakaran ng POST na binuo alinsunod sa seksyon 13519.6.

Dapat kasama sa patakarang ito ang impormasyon tungkol sa diskriminasyon, na tinukoy bilang "dati nang negatibong saloobin laban sa aktuwal o inaakalang katangian na tinutukoy sa seksyon 422.55." Depende sa kalagayan ng bawat kaso, maaaring kasama, pero hindi limitado, sa diskriminasyon ang pagkamuhi, pagkapoot, diskriminasyong pagpili ng mga biktima, sama ng loob, pagkasuklam, paghamak, hindi makatuwirang takot, paranoya, kawalang-galang, paghahanap ng kasasabikan, pagnanais na mangibabaw sa lipunan, pagnanais na makipag-ugnayan lamang sa mga "kauri" sa lipunan, o pag-iisip na mahina ang biktima dahil itinuturing ang biktima na mahina, walang halaga, o makatuwirang puntirya ng diskriminasyon dahil sa isang protektadong katangian, kabilang ang, pero hindi limitado sa, kapansanan o kasarian.

Partikular na tinutugunan ng batas ang sitwasyon ng pinaghihinalaang hate crime na may diskriminasyon sa

3 Para sa impormasyon, tingnan ang webpage ng Kagawaran ng Hustisya ng California o gamitin ang sumusunod na link: https://oag.ca.gov/system/files/media/ag-rapid-response-team-protocol-21.pdf.

may kapansanan. Dapat payuhan ng patakaran ang mga opisyal na isaalang-alang kung mayroong anumang pahiwatig na naudyukan ng poot o iba pang diskriminasyon ang salarin, na sinabayan ng mga kadahilanan tulad ng hindi pagkagusto sa mga taong pumukaw ng takot o pagkakasala, pag-iisip na mas mababa ang mga taong may kapansanan at samakatuwid ay "mga karapat-dapat na biktima," takot sa mga taong itinuturing na nakakagambala sa iba ang mga nakikitang katangian, o hinanakit sa mga nangangailangan, humihiling, o tumatanggap ng alternatibong pang-edukasyon, pisikal, o panlipunang pabor.

Bilang pagkilala sa pinaghihinalaang hate crime na may diskriminasyon sa may kapansanan, dapat ding magpayo ang patakaran sa mga opisyal na isaalang-alang kung mayroong anumang indikasyon na iniisip ng salarin na mahina ang biktima at, kung mapapatunayan ang pananaw na ito, sa kabuuan o sa bahagi, sa diskriminasyon laban sa may kapansanan. Kabilang dito, pero hindi limitado sa, pagpuntirya ng salarin sa taong may partikular na inaakalang kapansanan habang iniiwasan ang iba pang taong madaling matukoy na mahina tulad ng mga lasing o mga may ibang kapansanan kaysa sa biktima, maaaring maging katibayan ang mga pangyayaring iyon na kasama sa nag-uudyok sa salarin ang diskriminasyon laban sa mga may inaakalang kapansanan ng biktima at na dapat iulat ang krimen bilang pinaghihinalaang hate crime at hindi krimen ng pagkakataon.

Partikular ding tinutugunan ng batas ang sitwasyon ng pinaghihinalaang mga hate crime na may diskriminasyon sa relihiyon. Dapat payuhan ng patakaran ang mga opisyal na isaalang-alang kung may mga nakapuntiryang pag-atake sa, o diskriminasyon sa, mga simbolo ng pagpapahalaga sa isang partikular na relihiyon o mga bagay na itinuturing na may espirituwal na halaga sa isang partikular na relihiyon.

Kabilang sa mga halimbawa ng mga relihiyon at naturang mga simbolo at bagay, ngunit hindi limitado sa: (i) sa Budismo, mga batas ng Buddha; (ii) sa Kristiyanismo, mga krus; (iii) sa Hinduismo, mga marka sa noo, na kilala bilang mga bindi at tilak, mga simbolo ng Aum/Om, at mga larawan ng mga diyos na kilala bilang mga murti; (iv) sa Islam, mga hijab; (v) sa Hudaismo, Stars of David, menorah, at yarmulke; (vi) sa Sikhismo, mga turban, panakip sa ulo, at hindi nagupitang buhok, kabilang ang mga balbas.

Dapat isama sa patakaran ang impormasyon tungkol sa pangkalahatang hindi pag-uulat ng mga hate crime at ang mas matinding hindi pag-uulat ng mga hate crime laban sa may kapansanan at kasarian at isang plano para sa ahensya na lutasin ang hindi pag-uulat na ito, kabilang ang protokol para sa pag-uulat ng mga pinaghihinalaang hate crime sa Kagawaran ng Hustisya alinsunod sa seksyon 13023.

Dapat isama ng ahensya ang isang checklist ng mga responsibilidad ng unang tagatugon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagiging sensitibo sa mga epekto ng krimen sa biktima, pagtukoy kung kailangan ng anumang karagdagang mapagkukunan sa pinangyarihan upang matulungan ang biktima o kung ire-refer ang biktima sa mga naaangkop na legal at pangkomunidad na serbisyo, at pagbibigay sa mga biktima at sinumang interesadong tao ng brochure ng mga hate crimes ng ahensya, ayon sa hinihingi ng seksyon 422.92 ng Kodigo Pinal.

Dapat isama sa patakaran ang tiyak na pamamaraan sa pagpapadala ng patakaran at mga kaugnay na utos sa lahat ng opisyal, kabilang ang simple at agarang paraan para ma-access ng mga opisyal ang patakaran sa field kung kinakailangan. Bilang karagdagan, dapat pamilyar ang lahat ng opisyal sa patakaran at palaging ipatupad ang patakaran maliban kung iniutos ng hepe, sheriff, direktor, o iba pang punong executive ng ahensyang nagpapatupad ng batas.

Panghuli, dapat isama sa patakaran ang titulo o mga titulo ng opisyal o mga opisyal na responsable sa pagtiyak na may brochure ng hate crime ang departamento gaya ng iniaatas ng seksyon 422.92 ng Kodigo Pinal at pagtiyak na sinanay ang lahat ng opisyal na ipamahagi ang brochure sa lahat ng pinaghihinalaang biktima ng hate crime at lahat ng iba pang taong interesado.

**Pinakamabubuting Kasanayan sa Pag-iimbestiga**

Inaatasan ng Kodigo Pinal ang POST na gumawa ng modelong patakaran sa mga hate crime, na, kasama ng iba pang modelong patakaran na kabilang ang mula sa Internasyonal na Asosasyon ng mga Hepe ng Pulisya, nagbibigay ng mga halimbawa ng pinakamabubuting kasanayan ng ahensya para sa pag-iimbestiga ng mga potensyal na hate crime o bias. Nasa ibaba ang buod ng pinakamabubuting kasanayan mula sa mga modelong patakarang ito para sa matagumpay na gawain ng ahensyang nagpapatupad ng batas sa mga pinaghihinalaang mga hate crime o krimen ng diskriminasyon.

*<u>Paunang tugon</u>*

Nakasalalay ang tagumpay ng paunang tugon ng ahensya sa pinaghihinalaang hate crime sa mga opisyal na sumusuri sa pangangailangan para sa karagdagang tulong, na tinitiyak na maayos ang pinangyarihan ng krimen na pinoprotektahan, pinangangalagaan at pinoproseso, at pagbibigay ng suporta at impormasyon sa mga biktima.

Ang mga opisyal na darating sa pinangyarihan ng pinaghihinalaang hate crime ay dapat:

- I-secure ang pinangyarihan ng krimen at tiyakin ang kaligtasan ng (mga) biktima, saksi, at pinaghihinalaang salarin.
- Patatagin ang (mga) biktima at humiling ng medikal na atensyon kung kinakailangan.
- Tiyaking maayos ang pinangyarihan ng krimen na protektado, napreserba, at naproseso, upang masusing maidokumento ang kalikasan at ebidensya. Kolektahin at kunan ng larawan ang pisikal na ebidensiya o mga indikasyon ng mga hate crime gaya ng: literatura ng pagkapoot, nakakasakit na graffiti, lata ng spray na pintura, nagbabantang mga sulat, mga simbolo na ginagamit ng mga hate group, iba pang mga simbolo ng diskriminasyon. Dapat lamang alisin ang anumang pisikal na ebidensya ng insidente pagkatapos ng kumpletong dokumentasyon ng eksena, upang suportahan ang hinaharap na pag-uusig sa hate crime. Ang hindi naaalis na katibayan ng pagkagalit ay dapat takpan at pagkatapos ay alisin kapag posible.
- Abisuhan ang iba pang naaangkop na tauhan sa chain of command, kabilang ang supervisor na nasa tungkulin, depende sa uri at kung gaano kabigat ang pagkakasala at ang potensyal na galit at nauugnay na epekto nito sa komunidad.
- Kilalanin at kunan ng larawan ang kriminal na ebidensya sa (mga) biktima.
- Humiling ng tulong ng mga tagasalin o interpreter kung kinakailangan upang magtatag ng epektibong komunikasyon sa (mga) biktima at mga saksi.
- Magsagawa ng paunang imbestigasyon, pagrekord ng impormasyon tungkol sa pagkakakilanlan ng (mga) biktima, pinaghihinalaang (mga) salarin, at mga saksi, pati na rin ang mga naunang pangyayari sa lugar o sa (mga) biktima o iba pang may (mga) protektadong katangian) kasama ang (mga) biktima o iba pang (mga) protektadong katangian.

- Tiyaking nakatanggap ang (mga) biktima ng alok ng pagiging kumpidensyal alinsunod sa Government Code seksyon 7923.615, subd. (b)(1).
- Magtala ng mga pahayag ng (mga) pinaghihinalaang salarin (mahalaga ang mga eksaktong salita), gayundin ang kanilang mga kilos at anumang pisikal na marka gaya ng mga tattoo na maaaring magpahiwatig ng diskriminasyon.
- Isaalang-alang ang pagtatalaga ng opisyal na may espesyal na pagsasanay upang makapanayam at tumulong sa (mga) biktima upang mabawasan ang trauma.
- Suriin kung diskriminasyon ba ang dahilan "sa kabuuan o sa bahagi" sa paggawa ng krimen, alinsunod sa kahulugan ng "motibasyong sanhi ng diskriminasyon" sa seksyon 422.56 ng Kodigo Pinal, na detalyadong tinalakay sa itaas.
- Alinsunod sa seksyon 422.92 ng Kodigo Pinal, na ibigay ang Brochure ng mga Hate Crime ng ahensya.
- Gumamit ng mga wastong pamamaraan para sa pakikipanayam sa mga taong may kapansanan at pagkakaroon ng kamalayan at pagbibigay ng naaangkop na konsiderasyon (tulad ng mga pamantayan ng ADA, Braille, mga visual, mga tagasalin para sa mga bingi o mahina ang pandinig, atbp.).
- Ipinapaliwanag ang posibleng pagkakasunod-sunod ng mga kaganapan sa (mga) biktima, kabilang ang pakikipag-ugnayan sa mga imbestigador, tagausig, at media.[4]
- Pagre-refer ng (mga) biktima sa mga serbisyo ng suporta at outreach sa komunidad.
- Pagbibigay sa (mga) biktima ng pinakamahusay na posibleng impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga nagpapatupad ng batas na humahawak ng imbestigasyon upang makakuha sila ng karagdagang impormasyon habang umuusad ang kaso.
- Kung kinakailangan, at kung kuwalipikado ang insidente bilang nag-trigger na kaganapan, makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Hustisya ng California at hilinging gamitin ng Pangunahing Abogado ang Protokol ng Departamento sa Mabilisang Pagtugon sa Hate Crime upang magbigay ng tulong sa iyong hurisdiksyon.

*Imbestigasyon*

Ang mga imbestigador sa pinangyarihan ng o habang nagsasagawa ng follow-up na imbestigasyon sa pinaghihinalaang hate crime o krimen ng diskriminasyon ay mahalagang susunod na hakbang sa matagumpay na imbestigasyon. Kasama sa pinakamahuhusay na kagawian para sa patuloy na pagsisiyasat ang mga sumusunod na salik:

- Isaalang-alang ang mga typology ng mga salarin ng mga hate crime at insidente, kabilang ngunit hindi limitado sa pagkasabik, reaktibo/depensiba, at misyon (hard core).
- Gumamit ng mga diskarte at pamamaraan sa imbestigasyon upang pangasiwaan ang mga hate crime o insidente nito sa propesyonal na paraan.

4 Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga batas ng estado at pederal na nagpoprotekta sa mga immigrant na biktima ng krimen, sumangguni sa Law Enforcement Bulletin No. 2020-DLE-01, na available sa https://oag.ca.gov/sites/all/files/agweb/pdfs/info_bulletins/2020-dle-01.pdf .

- Imbestigahan nang husto ang anumang ulat ng hate crime sa ilalim ng kulay ng awtoridad alinsunod sa mga seksyon 422.6 at 13519.6 ng Kodigo Pinal.
- Magbigay ng tulong at follow-up sa biktima.
- Maghanap sa lugar ng karagdagang saksi, gamit ang mga bilingual na opisyal o tagapagsalin kung saan kinakailangan batay sa (mga) pangunahing wika ng mga indibidwal sa nauugnay na heyograpikong lugar.
- Idokumento ang mga pangyayari at maliwanag na motibo sa kaganapan.
- Suriin ang iba pang rekord ng nagpapatupad ng batas at makipag-ugnayan sa mga lokal na opisyal na hindi nagpapatupad ng batas at mga organisasyon upang malaman kung may iba pang mga insidenteng may motibasyong sanhi ng diskriminasyon sa lugar na iyon.
- Tukuyin kung nakibahagi ang (mga) biktima sa mga aktibidad na nagtataguyod para sa partikular na lahi, relihiyon, etniko/nasyonal, sekswal na oryentasyon, pangkat ng kasarian, o iba pang isyu.
- Tukuyin kung kasabay ng insidente ang isang holiday na maaaring maiugnay na motibasyong sanhi ng diskriminasyon, tulad ng relihiyosong holiday o paggunita sa isang nakaraang kaganapan o pagkamatay o kapanganakan ng indibidwal.
- Tukuyin kung dating kasangkot sa krimen ng diskriminasyon o organisadong hate group ang pinaghihinalaang (mga) salarin.
- Suriin ang aktibidad sa social media ng pinaghihinalaang (mga) salarin para sa posibling ebidensya ng diskriminasyon.
- Humingi ng mga search warrant upang suriin ang mga nilalaman ng hard drive ng computer ng pinaghihinalaang (mga) salarin (kung naaangkop) upang matukoy kung kasangkot ang mga ito sa mga hate group.
- Manawagan sa mga saksi na magbigay ng anumang impormasyon tungkol sa insidente.
- Isaalang-alang ang pag-aalok ng mga reward para sa impormasyong hahantong sa pagkahuli at pagka-aresto sa (mga) pinaghihinalaang salarin.
- Iugnay ang imbestigasyon sa mga operasyon ng ahensya, estado, at panrehiyong intelihensiya. Maaaring magbigay ang mga piangmumulang ito ng pagsusuri ng anumang mga pattern, organisadong hate group, at mga pinaghihinalaang posibleng sangkot sa pagkakasala sa nag-iimbestigang opisyal.
- Makipag-ugnayan sa ibang ahensyang nagpapatupad ng batas sa lugar upang masuri ang mga pattern ng mga hate crime at/o mga insidente ng poot, at tukuyin kung sangkot ang mga organisadong hate group.

*Mga Serbisyo para sa mga Biktima ng mga Hate Crime*

Bukod sa mga protokol na nakatuon sa biktima na tinalakay sa itaas, dapat isaalang-alang ng mga ahensya ang pagbibigay ng sumusunod na suporta at serbisyo para sa mga biktima ng mga hate crime o insidente nito:

- Hayaan ang (mga) biktima na ipahayag ang matinding damdaming napukaw ng hate crime o insidente nito sa pinangyarihan at sa panahon ng anumang follow-up na imbestigasyon.
- Magbigay ng impormasyon sa (mga) biktima tungkol sa imbestigasyon at pag-uusig ng kanilang kaso, parehong partikular sa kanilang kaso at sa sistema sa pangkalahatan.

- Bigyan ang (mga) biktima ng Marsy's Law card na nagdedetalye ng kanilang mga karapatan bilang biktima ng krimen.[5] Sa ilalim ng Marsy's Law, California Constitution Article I, § 28, Section (b), ang bawat biktima ng krimen ay may karapatang tumanggap ng Marsy's Law card, na naglalahad ng kanilang mga karapatan bilang biktima ng krimen. Hikayatin ang (mga) biktima na maghanap ng higit pang impormasyon tungkol sa mga karapatang ito sa pamamagitan ng lokal na ahensya ng mga serbisyo sa biktima na nakabatay sa sistema para sa karagdagang follow-up at mga susunod na hakbang sa proseso ng hustisyang kriminal.
- Kung available, humiling ng tulong ng isang tagapagtaguyod ng biktima na nakabatay sa sistema o komunidad. Nagbibigay ang ilang partikular na tagapagtaguyod ng biktima ng pagtugon sa pinangyarihan upang mabigyan ang mga nahihirapang biktima ng mainit na suporta, adbokasiya, interbensyon sa krisis, mga mapagkukunan, at masamahan sa panahon ng paunang pagtugon sa pinangyarihan ng krimen kabilang ang buong proseso ng hustisyang kriminal. Karamihan sa mga tagapagtaguyod ng biktima na nakabatay sa sistema o komunidad ay kumikilos sa ilalim ng direksyon ng lokal na Tanggapan ng Abogado ng Distrito, Mga Ahensyang Nagpapatupad ng Batas, Kagawaran ng Subok na Paglaya, at sa ilang pagkakataon sa ilalim ng mga lokal na non-profit na ahensya.
- Magbigay ng mga referral para sa cross-cultural na pagpapayo para sa mga biktima ng hate crime. Isaalang-alang ang pakikipagpartner sa mga organisasyong pangkomunidad upang magbigay ng mga naturang mapagkukunan.
- Kilalanin ang krimeng may motibasyong dulot ng diskriminasyon bilang seryosong krimen para sa (mga) biktima.
- Tugunan ang problema sa pambibiktima at harapin din ang halatang diskriminasyon at prejudice na ipinakita sa krimen.
- Tulungan ang (mga) biktima sa pagkumpleto at paghahain ng aplikasyon sa pondo ng kabayaran sa biktima ng estado, kung naaangkop.

*Pagsasanay*

Dapat na wastong sanayin sa patakaran sa mga hate crime ng departamento ang lahat ng kawani, kabilang ang dispatch, desk personnel, mga boluntaryo, mga talaan, mga kawani ng suporta, mga opisyal, superbisor, at mga tagapamahala. Dapat sundin ng ahensya ang lahat ng iniaatas ng batas na kinakailangan sa pagsasanay.

Alinsunod sa seksyon 13519.6 ng Kodigo Pinal, nag-aalok ang POST ng mga kurso sa pagsasanay at video upang tulungan ang nagpapatupad ng batas sa pagkilala, imbestigasyon, dokumentasyon, at pag-uulat ng mga hate crime.[6] Maaari ring gumamit ang mga tagapagsanay ng ibang pang-estado at pederal na ahensya na nag-aalok ng mga kurso sa pagsasanay, gaya ng Kagawaran ng Hustisya ng U.S., o mga grupo ng komunidad na eksperto sa pagtugon sa mga hate crime.[7] Mayroong listahan ang Kagawaran ng Hustisya ng California sa mga mapagkukunan ng edukasyon at pagsasanay sa mga hate crime sa website nito.[8]

---

5 Available ang Marsy's Law card ng Pangunahing Abogado sa https://oag.ca.gov/sites/all/files/agweb/pdfs/victimservices/marsy_pocket_en_res.pdf.
6 Para sa karagdagang impormasyon sa mga pagkakataon sa pagsasanay ng POST at mga available na video, bisitahin ang website ng POST sa www.post.ca.gov.
7 Ang kasalukuyang listahan ng mga available na mapagkukunan mula sa U.S. Available ang Pangunahing Abogado sa https://www.justice.gov/hatecrimes/resources. Sa California, ang Museum of Tolerance, halimbawa, ay nagbibigay ng pagsasanay sa ahensyang nagpapatupad ng batas tungkol sa pagtugon sa mga hate crime, na may impormasyong available sa https://www.museumoftolerance.com/for-professionals/programs- workshops/tools-for-tolerance-for-law-enforcement-and-criminal-justice/hate-crimes/hate-crimes-courses-for-ca-agencies/.
8 Available ang kasalukuyang listahan ng mga mapagkukunan sa https://oag.ca.gov/civil/preveduc.

*Pag-uulat*

Mahalaga ang pangongolekta ng data, dokumentasyon, at pag-uulat sa tugon ng ahensya sa mga hate crime. Kasama sa pinakamabubuting kasanayan sa pag-uulat ang sumusunod:

- Tiyaking maayos na iniimbestigahan, idinodokumento, at iniuulat ang mga hate crime sa Kagawaran ng Hustisya ng California, alinsunod sa seksyon 13023 ng Kodigo Pinal, upang maiulat ang mga ito ng estado sa pederal pamahalaan.[9]
- Kapag nagdodokumento ng mga insidente, tiyaking malinaw na na-flag ang mga hate crime upang bigyang-daan ang kinakailangang pag-uulat. Maaari itong ipahiwatig ng seksyon ng pamagat/kodigo pinal na tumutukoy sa ulat bilang hate crime.
- Dapat na gumawa ng huling pasya ang pinuno ng ahensya o ang kanilang itinalaga kung maiuuri ng ahensya ang insidente bilang hate crime.
- Dapat bumuo ng mga pamamaraan ang mga ahensya upang mapanatili ang mga ulat ng hate crime, matiyak ang napapanahong pagpapaalam ng mga krimen sa mga tanggapan ng mga tagausig, at masunod ang legal na ipinag-uutos na pag-uulat.

**Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan**

Lubos na ipinagmamalaki ng Kagawaran ng Hustisya ng California ang pagtulong sa mga lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas sa pagpapatupad ng mga batas at proteksyon sa mga kriminal at sibil na karapatan. Kung nangangailangan ng teknikal na tulong ang iyong ahensya o mga indibidwal na opisyal, makipag-ugnayan sa Hepe ng Dibisyon ng Nagpapatupad ng Batas na si John Marsh sa (916) 210-6300 o Senior Assistant ng Pangunahing Abogado na si Michael Newman sa Seksyon ng Pagpapatupad ng Karapatang Pangsibil ng Kagawaran sa Michael.Newman@doj.ca.gov or (213) 269-6280.

9 Tingnan ang 34 U.S.C. § 41305 (Ang “Hate Crime Statistics Act” ay nagbibigay ng awtoridad sa U.S. Pangunahing Abogado na kolektahin ang istadistika ng hate crime ngunit tahasang nangangailangan ng pag-uulat ng estado at lokal na ahensya).